Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad



Si Hesus ay Pumili ng Labing Dalawang Apostoles

Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: Byron Unger at Lazarus
Ibinagay ni: E. Frischbutter at Sarah S.
Isinalin ni: Anne T.
Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2009 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento, kung hindi ninyo ipagbibili.

Si Hesus ay gumagawa ng mga kamanghamanghang bagay. Siya'y nagpapagaling ng mga may sakit, nagbibigay kapayapaan sa puso sa mga taong nagugulumihanan at nagtuturo ng Salita ng Diyos.



Siya ay dinudumog ng maraming tao upang humingi ng tulong at magpagamot, kaya nagpasya siya na pumili ng labing dalawang disipulo sa kanyang mga tagasunod, upang makatulong sa gawain
ng
Panginoon.

Kapag ikaw ba'y may mahalagang desisyong gagawin, nananalangin ka ba sa Panginoon? Ganun din si Hesus! Sa tahimik na lugar sa burol kaniyang kinakausap ang Kaniyang Amang nasa langit. Si Hesus ay nananalangin hanggang sa pagputok ng araw.



Si Hesus ay
nananalangin
maging sa buong
magdamag.

At pagka-umaga, tinawag ni Hesus ang kanyang mga tagasunod na kanyang mga kaibigan na sumusunod at naglilingkod sa kanya. At mula sa kanila siya ay pumili ng labing dalawang Apostoles.

Ang naunang dalawang pinili ni Hesus ay ang magkapatid na si Simon Pedro at Andres. Iniwan nila ang pagiging mangingisda at sumunod sila kay Hesus.



Si Santiago at Juan, na mga anak ni Zebedeo na iniwan rin ang kanilang mga lambat.

Pinili rin ni Hesus sina Filipe, Bartolomeo, Mateo, Tomas, si Simon na Masikap, si Santiago na anak ni Alpeus, si Hudas na kapatid ni Santiago at si Hudas Iscariot na siyang magkakanulo kay Hesus.

Itinuro ni Hesus na siya, na tumutupad ng kanyang salita ay katulad ng isang taong nagtayo ng kanyang bahay sa matibay na pundasyon. Daanan man ito ng malakas na bagyo ito'y hindi masisira.



Ngunit siya na hindi tumutupad sa mga salita ni Hesus ay katulad ng taong nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. At ito ay dagling mawawasak kapag dinaanan ang bagyo.



Subalit hindi lahat ng utos ni Hesus ay madaling tuparin. "Kapag sinampal ang iyong kanang pisngi, ibigay mo rin ang kaliwa" turo niya. "Mahalin mo ang iyong kaaway." Kailangan ng tao ang biyaya at tulong mula sa Diyos upang mamuhay katulad ni Hesus.

Itinuro din ni Hesus sa mga tao na manalangin ng palihim, at hindi magpakitang gilas na manalangin sa harap ng maraming tao, gaya ng gingawa ng ibang mga relihiyosong tao.


Wika rin ni Hesus, dadamitan
at pakakainin ng Diyos sila
na nagtitiwala sa kanya, kagaya
ng mga ibon, mga magaganda at
makukulay na bulaklak at tanim.
Maari mong ipagkatiwala ang lahat ng
iyong mga pangangailangan
sa Diyos.

Tinuruan ni Hesus
silang labing dalawang
apostoles na pinili niya,
ng maraming bagay.
Nang siya'y matapos,
isang ketongin ang
lumapit sa kanya at
nagmamakaawang
siya'y pagalingin.

Sumagot si Hesus sa ketongin, "Nais ko. Ika'y luminis." At sa harapan ng labing dalawang apostoles, ang taong ketongin ay gumaling. Siya ay magaling na! Tanging ang Anak ng Diyos lamang ang makakagawa ng ganung bagay. Alam ng mga disipulo na mayroon silang



dakilang guro.

Si Hesus ay Pumili ng Labing Dalawang Apostoles

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Mateo 4-7, Markos 1, Lukas 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16